# WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

## Aralin 59

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 59** |
| --- |
| Theme: Ang Kwento ng Batang Bakunawa At Ng Diyos Ng Buwan - "Isang Araw Nawala Ang Buwan" |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**ANG KWENTO NG BATANG BAKUNAWA AT NG DIYOS NG BUWAN : ISANG ARAW NAWALA ANG BUWAN**

**WRITING PROMPT LESSON 59**

**---**

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, isang panibagong kwento ang ating matutunghayan, tungkol sa batang bakunawa at sa diyos ng buwan, si Libulan. Handa ka na bang malaman ang kanilang kwento? Tara!

**II.Writing Prompt of the Day**

Isang gabi, habang ikaw ay nasa labas ng iyong bahay nakita mo ang napakagandang buwan. Kahit na malayo'y tanaw mo ang kislap nito. Habang nakatingin ay nakita mong parang may umaaligid ditong tila isang malaking ahas! Maya-maya'y biglang nawala ang buwan!

Ikaw ay napatayo mula sa pagkakahiga sa damuhan. Ang kaninang tinatanaw mong buwan ay nawala na! Biglang may isang boses ang iyong narinig. Isang lalaking may katamtamang pangangatawan at magandang mukha ang iyong nakita, siya ay nakasuot ng kulay puting suit. Kayumanggi ang kanyang balat at may pagkakulot ang kanyang buhok! Siya'y ngumiti, ang kanyang ngiti'y tila sing liwanang ng buwan! "Ako nga pala si Libulan, diyos ng buwan."

Matapos ngumiti ng lalaki'y kumunot ang noo nito nang makita ang kalangitan. Siya'y nagbuntong-hininga at nagsalita, "Hay nako! Kinain na naman ng batang bakunawa ang buwan." Siya'y nagkamot ng ulo at ika'y tinignan "Tutulungan mo ba akong makuha ang buwan?".

Ano ang iyong gagawin sa sitwasyong ito? Dugtungan mo ang ating kwento!

- Anong naramdaman mo nang mawala ang buwan na iyong tinitignan?
- Anong naramdaman mo nang makita ang lalaking biglang lumabas sa iyong likuran?
- Ano kayang klase ng tao o halimaw ang sinasabi niyang Batang Bakunawa?
- Tutulungan mo ba si Libulan na siyang diyos ng buwan upang makuha mula sa Batang Bakunawa ang buwan?

**III.Teacher's Message**

Ano kayang mangyayari sa ating kwento? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Excited na kaming malaman ang inyong kwento. Tandaang gamitin ang mga tanong upang mabuo ang iyong kwento. Abangan din next time ang susunod na kabanata.

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."